Pangalan: ____________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ____________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

**Banghay ng Kuwento**

**I. Panuto:** Bilugan ang tamang sagot.

1. Ang _____ay isang mahalagang banghay ng kuwento na nagpapakilala sa tauhan na siyang nagbibigay-buhay at gumaganap sa mga pangyayari sa kuwento.
   a. simula b. tagpuan c. banghay d. kasukdulan
2. Nasa simulang bahagi rin ng kuwento ang ________na nagsasaad ng lugar na pinangyarihan ng kuwento, gayun din ang panahon kung kailan naganap ito.
   a. tauhan b. tagpuan c. banghay d. kasukdulan
3. Maaga akong gumising. Paglabas ko ng aking kuwarto, nakita kong handa na ang aking nanay at tatay. "Magandang umaga po sa inyo!" bati ko sa kanila. Anong bahagi o banghay ng talaarawan ang tinutukoy nito?
   a. simula b. kasukdulan c. katapusan d. wakas
4. Laking gulat ng aking lola nang makita niya kami! Naiyak siya sa tuwa. Isang sorpresa ang aming pagbisita sa kaniya. Anong bahagi o banghay ng talaarawan ang tinutukoy nito?
   a. simula b. kasukdulan c. katapusan d. kakas
5. Sobrang naging masaya ang araw ko ngayon! Hinding-hindi ko ito malilimutan. Anong bahagi ng talaarawan ang tinutukoy nito?
   a. wakas b. simula c. kasukdulan d. pangyayari
6. "Maraming, maraming salamat po, Nars Jenny! Napakabuti ninyo sa akin. Tunay na isa ka sa napakaraming makabagong bayani sa ating bansa," bulong sa kaniya ng isang pasyente habang pinaiinom niya ng gamot. Anong banghay ng kuwento ang tinutukoy sa bahaging ito ng kuwento?
   a. simula b. kasukdulan c. katapusan d. pangyayari
7. Madilim pa ang langit ngunit abala na sa paghahanda ng pagkain si Jenny sa kanilang kusina. Isa siyang nars sa pampublikong ospital malapit sa kanilang bayan. Anong banghay ng kuwento ang tinutukoy sa bahaging ito ng kuwento?
   a. simula b. kasukdulan c. katapusan d. pangyayari
8. Isang araw, hindi gumising nang maaga si Nars Jenny. Hindi rin siya naghanda ng kaniyang baon. Ito ay tumutukoy sa anong banghay ng kuwento?
   a. simula b. kasukdulan c. katapusan d. pangyayari
9. Pagdating sa ospital, agad niyang inaasikaso ang mga pasyente. Takbo rito, takbo roon habang dala-dala niya ang mga gamot na kailangang inumin ng mga maysakit. Anong bahagi ng banghay sa kuwento ang tinutukoy nito?
   a. simula b. kasukdulan c. katapusan d. pangyayari
10. Habang nakahiga sa kaniyang kama, nakaramdam siya ng labis na lungkot. Naaalala kasi niya ang mga pasyenteng umaasa sa kaniya. Ito ay tumutukoy sa anong banghay ng kuwento?
    a. simula b. kasukdulan c. katapusan d. pangyayari